Mensahe Labing-Isa

# Ang Intrinsikong Kahulugan ng Ministeryo ni Ezra at ang Pangunguna ni Nehemias—upang Itayo ang Ekklesia bilang ang Bahay ng Diyos at ang Kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng Pamumuhay at Pagsasagawa ng Bagong Herusalem

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 21:2, 9-11, 18; 22:1

**I. Ang intrinsikong kahulugan ng ministeryo ni Ezra ay makapaloob sa mga salitang *pagpapadalisay, edukasyon,* at *muling pagbubuo;* ang intrinsikong kahulugan ng pangunguna ni Nehemias ay nakapaloob sa mga salitang *paghihiwalay, proteksyon,* at *kahayagan;* kailangan nating makipagtulungan sa Panginoon sa Kanyang makalangit na ministeryo upang itayo ang ekklesia bilang ang bahay ng Diyos at ang kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng pamumuhay at pagsasagawa ng Bagong Herusalem ayon sa intrinsikong kahulugang ito—1 Hari 8:48; Aw. 48:1-2; 1 Tim. 3:15; Efe. 2:21-22.**

**II. Ang ipamuhay at paglingkuran ang Diyos ayon sa pangitain ng kapanahunan sa ministeryo ng kapanahunan ay ang ipamuhay at isagawa ang Bagong Herusalem: "ang gawaing pagtatayo ng pader nito ay jaspe; at ang lunsod ay dalisay na ginto, gaya ng malinaw na salamin"—Apoc. 21:18; Gawa 26:19; 22:15; Apoc. 21:2, 9-11:**

A. Ang lunsod na dalisay na ginto, gaya ng malinaw na salamin, ay sumasagisag sa ating pangangailangan ng *pagpapadalisay* ng Diyos sa Kanyang banal na kalikasan at ng pagliliwanag sa pamamagitan ng *edukasyon* sa pamamagitan ng pag-aaplay ng mga pagtuturo ng Bibliya sa ating kaisipan para sa pagpapabago at pagliliwanag ng ating kaisipan upang gawin tayong malinaw ng mga kaisipan, pagsasaalang-alang, at pamamaraan ng Diyos—cf. Mat. 5:8; Efe. 4:23; Juan 17:17.

B. "Ang gawaing pagtatayo" ay ang bukod tanging gawain para sa ating *muling pagbubuo* ng Tres-unong Diyos upang tayo ay muling maitayo Niya at maihain Siya tungo sa iba upang maitayo Niya ang Kanyang sarili tungo sa kanilang katauhan upang gawin silang mga tao sa Bagong Herusalem—1 Cor. 3:9, 12; Efe. 3:16-19; Apoc. 3:12; A. A. 6:4; Heb. 11:10.

C. Ang lunsod kalakip ang pader nito ay sumasagisag na ang Bagong Herusalem bilang ang walang hanggang kaharian ng Diyos sa ilalim ng pagkaulo ng Diyos para sa *paghihiwalay* ng bayan ng Diyos at ang *proteksyon* ng interes ng Diyos—Neh. 4:17; Efe. 5:26.

D. Inihahayag ng pader ng lunsod bilang jaspe (ang buhay ng Diyos sa kayamanan nito) at ng lunsod bilang ginto (ang dibinong kalikasan) na ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos ay upang gawin tayong katulad Niya sa buhay at sa kalikasan subalit hindi sa pagkaDiyos para sa Kanyang bukod tanging *kahayagan*—Gen. 1:26; Juan 10:10b; 2 Ped. 1:4; Apoc. 4:3; 21:10-11, 18.

**III. Ang ipamuhay at isagawa ang Bagong Herusalem ay ang ipamuhay at maglingkod sa intrinsikong kahulugan ng ministeryo ni Ezra at pangunguna ni Nehemias:**

A. Kailangan nating manatili sa proseso ng pagiging napadalisay mula sa lahat ng paghalo, kinukuha ang Panginoon at ang interes ng Kanyang walang hanggang ekonomiya bilang ating bukod tanging gol—Ezra 9:2; Mat. 5:8; 1 Tim. 3:9; 2 Cor. 6:4a, 6; Lucas 9:54-55; Heb. 4:12; 1 Hari 8:48:

1. Tayo ay maaaring mapadalisay sa pamamagitan ng proseso ng pagliliwanag, paghahantad, at paghahatol ng Diyos, sa pamamagitan ng pagtapos at pag-aalis ng krus, sa pamamagitan ng paglilinis at paghuhugas ng dugo, at sa pamamagitan ng pagdaloy at pagtigmak ng Espiritu—Aw. 139:23-24; 51:7, 10; Apoc. 22:1.
2. Tayo ay mapapadalisay sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig ng buhay sa dalisay na salita ng Diyos; lalong ang isang tao ay nasa salita ng Diyos, lalo siyang nagiging dalisay—Aw. 12:6; 119:9, 140; Efe. 5:26; Isa. 55:8-11.

3. Inihahayag ng Levitico 19:19 na ninanais ng Diyos na ang lahat ng bagay ay ayon sa uri nito, na walang anumang halo—Apoc. 17:3-6; Deut. 22:5, 9-11; cf. Gen. 1:11, 21, 24-26; 2:7-9.
    a. Ang pagpaparami ng mga baka na walang anumang halo ay sumasagisag na ang buhay ay hindi pinahihintulutang mahaluan; yaong mga namumuhay sa pamamagitan ng buhay ng Diyos ay hindi dapat mamuhay sa pamamagitan ng laman—cf. Gal. 5:16.
    b. Ang paghahasik ng binhi na walang halo ay sumasagisag na sa ministeryo ng salita ay isang uri lamang ng binhi, isang uri ng pagtuturo, ang dapat ihasik—ang bukod tanging pagtuturo ng walang hanggang ekonomiiya ng Diyos—Deut. 22:9; 1 Tim. 1:3-4; 6:3.
    c. Ang paggawa ng isang kasuotan na walang magkahalong materyales ay sumasagisag na ang ating asal ay hindi pinahihintulutang mahaluan; yaong mga nabubuhay sa buhay ng Bagong Tipan ay hindi dapat mamuhay sa pamamagitan ng mga ordinansa ng Lumang Tipan (Gal. 2:19-20; 5:1-6), at yaong mga nabibilang sa Panginoon ay hindi dapat mamuhay ayon sa mga kaugalian ng mga Hentil (Lev. 20:23; 18:3; cf. Efe. 4:17; Roma 12:2a).
4. Sinasabi ng 1 Pedro 1:22, "Yamang dinalisay ninyo ang inyong mga kaluluwa sa pamamagitan ng inyong pagtalima sa katotohanan tungo sa di-pakunwaring pangkapatirang pag-ibig, ibigin ninyo ang isa't isa mula sa isang dalisay na puso nang maningas":
    a. Nangangahulugan ito na ang dalisayin ang ating kaluluwa (ang ating kaisipan, emosyon, at pagpapasya) ay ang iligtas ito mula sa lahat ng bagay maliban sa Diyos at nakatalaga sa Diyos bilang ang tanging pinagtutuunan at bukod tanging gol (1 Cor. 2:9-10; 2 Tes. 3:5); kapag tumatalima tayo sa katotohanan, ang nilalaman at realidad ng ating pananampalataya kay Kristo (2 Tim. 4:7; Tito 1:1), ang ating buong kaluluwa ay nakatuon sa Diyos at sa gayon ay dinadalisay mula sa lahat ng bagay maliban sa Diyos.
    b. Yamang ang pagdadalisay ng ating mga kaluluwa ay sinasanhi ang ating buong katauhan na maituon sa Diyos upang ibigin natin Siya ng ating buong puso, ng ating buong kaluluwa, at ng ating buong kaisipan (Marc. 12:30), ang gayong pagdadalisay ay nagreresulta sa di-pakunwaring pangkapatirang pag-ibig, ang ating maningas na pag-ibig mula sa puso sa mga iniibig ng Diyos (Juan 13:5, 14-17, 34-35; 2 Ped. 1:5, 7; Roma 12:9-11; 2 Tim. 1:6-7; 1 Tes. 3:12; 4:9-10; Heb. 13:1; 1 Juan 2:5-8; 3:11, 23; 4:7-8, 16-21).

B. Kailangan nating maedukahan upang edukahan ang iba ng katotohanan para sa patotoo ng Diyos, ang Kanyang sama-samang kahayagan—2 Tim. 2:2; 1 Tim. 3:15-16; 6:3; 1 Cor. 14:31:
1. Ang labindalawang pundasyon ng banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, ay nagdadala ng mga pangalan ng labindalawang apostol ng Kordero, nagpapahiwatig na ang Bagong Herusalem ay naitayo ayon sa pagtuturo ng mga apostol, ang malusog na pagtuturo ng ekomoiya ng Diyos—Apoc. 21:14; Acts 2:42; 2 Tim. 1:15; Tito 1:9; 2 Tim. 2:2.
2. Si Ezra ay isang dalubhasa sa kautusan ng Diyos, na nakadugtong sa ekonomiya ng Diyos; ang kautusan ay isang sagisag ni Kristo bilang ang Salita ng Diyos, ang patotoo ng Diyos, ang larawan ng Diyos, ang kahayagan ng Diyos—Exo. 16:34; 34:28; cf. Apoc. 1:2.
3. Sa pamamagitan ng paglapit kay Kristo bilang ang buháy na salita sa nakasulat na salita, Siya ay maaaring maging ang inaplay na salita upang tayo ay malalinan Niya upang maging ang patotoo ni Hesus—Juan 1:1; Apoc. 19:13; Juan 5:39-40; 6:63; Apoc. 1:2, 10-11.
4. Sa pamamagitan ng pananatili sa bukod tanging ministeryo ng pagtuturo ng ekonomiya ng Diyos, matatalastas natin ang intrinsikong kahulugan ng Salita upang mapunuan ng liwanag ng buhay—Neh. 8:8, 13; Mat. 4:12-16; Juan 1:4-5.
5. Dapat nating matutunang gamitin ang bagong lenggwahe, "ang lenggwahe ni Juda," sa bagong kultura, ang Diyos-taong kultura ng bagong tao—Neh. 13:23-24.

C. Kailangan nating muling mabuuan ng biyaya, na siyang ang naprosesong Tres-unong Diyos na nagiging buhay at lahat-lahat sa atin—1 Ped. 5:10; 2 Cor. 13:14; Heb. 10:29:

1. Ang labindalawang apostol ay kumakatawan sa biyaya ng Bagong Tipan, sumasagisag na ang biyaya ay ang pinagmumulan, ang elemento, at ang pamamaraan para sa pagbubunga ng Bagong Herusalem—Apoc. 21:14.
2. Kailangan nating mabuuan ng biyaya sa biyaya, magpagal sa pamamagitan ng biyaya, mamahagi ng biyaya, at maghain ng salita ng biyaya—Juan 1:16; 1 Cor. 15:10; 1 Ped. 4:10; Gawa 20:32.
3. Ang Bagong Herusalem ay itinayo sa pamamagitan ng pagbubuo ng Diyos ng Kanyang sarili tungo sa tao upang gawin ang tao na katulad Niya sa buhay at kalikasan subalit hindi sa pagkaDiyos upang ang Diyos at tao ay maging isang sama-samang entidad at maging isang myutwal na pinananahanang lugar—Apoc. 21:2-3, 10-11, 18-22.
4. Dapat nating gawin ang isang gawain lamang, ito ay ang gawain ng Bagong Herusalem; kailangan nating makiisa sa ating panloob na gumagawang Diyos habang patuloy Niyang dinadala ang Kanyang mga pinili sa mga pangunahing hakbang ng Kanyang organikong pagliligtas—pagsilang na muli, pagpapabanal, pagpapabago, transpormasyon, at pagwawangis tungo sa pagluluwalhati.
5. Sa ganitong paraan tayo ay umaahon nang antas kada antas hanggang marating natin ang pinakamataas na punto, kung saan tayo ay magiging magkatulad; doon ay wala nang laman at wala nang natural na katauhan; ang lahat ay pawang nasa espiritu, at ang lahat ay pawang Kanyang mga kamanggagawa—Juan 5:17; Fil. 2:13; Apoc. 4:3; 21:11; 1 Cor. 3:9, 12; 2 Cor. 6:1; 1 Tes. 3:2.
6. "Ang naproseso at napasaukdol na Tres-unong Diyos, ayon sa mabuting kaluguran ng Kanyang kanaisan at para sa pinakamataas na intensyon sa Kanyang ekonomiya, ay itinatayo ang Kanyang sarili tungo sa Kanyang piniling bayan at ang Kanyang pinling bayan tungo sa Kanyang sarili, upang Siya ay magkaroon ng isang pagbubuo kay Kristo, bilang isang paghahalo ng pagkadibino at pagkatao upang maging Kanyang organism, at Katawan ni Kristo, bilang Kanyang walang hanggang kahayagan at myutwal na pananahanan para sa nagtutubos na Diyos at ang tinubos na tao. Ang sukdulang kaganapan ng mahimalang istraktura ng kayamanang ito ay magiging ang Bagong Herusalem magpawalang hanggan"—Witness Lee.

D. Kailangan nating lubusang maihiwalay tungo sa Diyos upang lubusang matigmakan ng Diyos, namumuhay na isang banal na buhay para sa buhay ekklesia upang gawin tayong banal na lunsod—Apoc. 21:2; 2 Ped. 1:4:
   1. Ang pagpapabago ng kaisipan at ang nagreresultang transpormasyon ang naghihiwalay at nagliligtas sa atin mula sa ating kalikasan at pamumuhay na nababaran ng elemento ng sanlibutan—Apoc. 21:12a; Roma 8:5-6; 12:2, 5-11; Efe. 4:23.
   2. Sa pamamagitan ng pamumuhay sa ating espiritu at pagkain kay Kristo bilang ang natatagong manna, madaraig natin ang sanlibutan upang maging ang pagtatayo ng Diyos—1 Juan 5:4, 18-19, 21; Apoc. 2:12-17; cf. Juan 14:30.
   3. Kailangan nating lubusang maihiwalay mula sa mapagsamba sa diyos-diyosang sanlibutan ng Babilonia, na binigyang katangian ng kasamaan ng pangangalakal, o komersyo, na kinasasangkutan ng pag-iimbot, pandaraya, at pag-ibig sa salapi; ang ating buhay Kristiyano ay dapat na walang pag-ibig sa salapi, at ang ating gawaing Kristiyano ay hindi dapat maging kalakálang kumikita ng pera—Zac. 5:5-11; 1 Tim. 3:3, 8; 6:5-10; Gawa 11:29-30; 20:33-34; 2 Tim. 3:2-4; Heb. 13:5; 2 Cor. 2:17; 12:15; cf. 2 Hari 5:15-27:
      a. Si Satanas ay isang negosyante, isang mangangalakal, at ang kaisipan niya ay ayon sa kanyang komersyong prinsipyo, na laban sa layunin ng Diyos sa paglikha sa tao—Ezek. 28:16, 18; Job 1:9; cf. Fil. 3:7-8; Gen. 1:26.
      b. Sa mga kargamentong ipinagbibili ng Babilonia, ang unang aytem ay ginto at ang huli ay mga kaluluwa ng mga tao; *mga kaluluwa ng mga tao* ay tumutukoy sa mga tao na nagbebenta ng kanilang mga sarili sa empleyo—Apoc. 18:12-13; cf. 2 Ped. 2:3, 15.
      c. Inilalarawan nito hindi lamang ang darating na Babilonia bagkus gayundin ang kasalukuyang sanlibutan; ibinebenta ng mga tao ang kanilang kaluluwa, ang kanilang

buhay, yaon ay, ang kanilang mga sarili, sa kanilang hanapbuhay, kinakaligtaan ang Diyos at ang kanilang walang hanggang kahihinatnan—cf. Lucas 12:13-21.

   d. Ang pagkasoberano ng Diyos ang magsasanhi sa kasamaan sa pagnenegosyo, na natutunan ng bayan ng Israel mula sa mga taga-Babilonia sa kanilang pagkabihag, na bumalik sa Babilonia (ang lupain ng Shinar)—Zac. 5:10-11; Gen. 11:2, 9.

E. Kailangan nating itayo ang pader upang protektahan ang ekklesia bilang ang bahay ng Diyos:

1. Maitatayo natin ang pader sa pamamagitan ng nananaig na dugo ng Kordero, na inaplay sa atin sa pamamagitan ng ating pagsisisi, ipinapahayag ang ating mga kasalanan, at hinihiling sa Diyos ang Kanyang paglilinis—Apoc. 12:11; Aw. 51:18.
2. Dapat nating pastulin ang kawan ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapatunog ng isang trumpeta ng bukod tanging Bagong Tipang ministeryo, dinedeklara sa kanila ang lahat ng payo ng Diyos upang kumpletuhin ang salita ng Diyos kalakip ang nagpoprotektang babala at malusog na pagtuturo ng Panginoon, upang sila ay lubos na lumago kay Kristo—1 Cor. 14:8; Efe. 4:11; Gawa 20:26-35; Ezek. 33:1-11; 34:25; Col. 1:24-29.
3. Dapat nating itayo ang pader upang protektahan and ekklesia sa pamamagitan ng pakikipagbaka sa loob ng Katawan—Roma 16:20:
   a. Ibinibihis ng Katawan ang buong kutamaya ng Diyos at iginagawad ang proteksyon sa bawat sangkap; dapat nating hanapin ang payo at pagtatakip ng Katawan upang tanggapin ang proteksyon at pananggalang ng Katawan—Efe. 6:10-20; Mat. 16:18; Gawa 21:4, 11-12.
   b. Ang espirituwal na pakikipagbaka ay nasa ganitong prinsipyo—hahabulin ng isa ang isang libo at palilikasin ng dalawa ang sampung libo—Deut. 32:30; Eccl. 4:9-12; Exo. 17:11-13.
4. Dapat nating itayo ang pader upang protektahan ang interes ng mga kayamanan ng pagkadibino ng Diyos sa lupa at ang mga nagawa ng Kanyang pagpapasukdol—cf. Juan 1:12-13; Isa. 9:6; 1 Cor. 15:45b; 2 Cor. 3:17; 4:5; Col. 1:18; Gawa 2:36; 5:31; Heb. 4:14; 9:15; 7:22; 8:2; 1 Juan 2:1; Juan 15:26; Roma 8:34, 26.

F. Kailangan nating mamuhay sa pamamagitan ni Kristo at ipamuhay si Kristo, sa gayon ay pinadadakila si Kristo, upang maitayo natin ang ekklesia bilang ang kahayagan ng Diyos—Exo. 40:34-35; 1 Hari 8:1-11; Roma 13:14, 12; 1 Cor. 3:16-17; Fil. 1:19-21a; Apoc. 21:3, 22, 10-11:

1. Ang pader ng lunsod ay para sa kahayagan ng Diyos; kaya, ang “itayo ang pader” (Neh. 2:17) ay ang itayo ang ekklesia bilang ang kahayagan ng Diyos (Mat. 16:18; Efe. 2:20-22; 4:11-16; 1 Cor. 3:9-17; Apoc. 4:3; 21:11, 18-19).
2. Ngayon sa Kanyang pagbabawi ang Panginoon ay gumagawa upang ipanumbalik ang normal na kundisyon ni Kristo sa loob ng wastong ekklesia bilang Kanyang kahayagan—Efe. 3:16-21; Apoc. 4:3; 21:11, 18-19.
3. Upang ihayag ang Diyos, kailangan nating maligtas mula sa ating natural na disposisyon at pagkakatulad sa sarili sa pamamagitan ng pamumuhay ng isang pinaghalong buhay kalakip ang Dibinong Trinidad sa naghahalong buhay ng buong Katawan ni Kristo—Roma 5:10; Lev. 2:4-5; 1 Cor. 12:24-25.
4. Upang ihayag ang Diyos, kailangan nating araw-araw na mapabanal at mapabago sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita upang maitanghal kay Kristo, ang ating Kasintahang Lalaki, bilang Kanyang dalisay, maluwalhati, naghahayag ng Diyos na kasintahang babae—b. 24; Efe. 5:26-27.

*© 2022 Living Stream Ministry*